



Mga Pag-aaral ng Paglangoy sa Bakasyon

Importanteng matutong maglangoy ang inyong mga anak.

Maraming dalampasigan, ilog, pool at bukal ng tubig sa Kanlurang Australia. Maganda ang mga ito para sa paglalaro, paglangoy at pagpapalamig kapag mainit, ngunit hindi ligtas ang mga ito kung hindi marunong lumangoy ang inyong mga anak.

Nagkakaroon ng tiwala ang inyong anak kapag nasa tubig at ng mga kasanayan kung paano lumangoy nang ligtas sa kanilang pag-aaral ng paglangoy.

Maaaring matutong maglangoy ang inyong mga anak sa mga aralin sa paglangoy ng VacSwim na iniaalok sa Oktubre at mga bakasyon ng paaralan sa tag-araw.

Maaaring sumali ang mga batang edad 5 hanggang 17 taon. May mga programang mula 5 hanggang 10 araw.

May mga aralin para sa lahat ng kakayahan, mula sa mga baguhan hanggang sa mahuhusay na manlalangoy.

Abot-kaya ang mga aralin ng VacSwim para sa buong pamilya at mayroon sa maraming pool at dalampasigan sa Perth at sa mga panrehiyong lugar. Humanap ng lokasyong malapit sa inyo sa aming website.

Kailangan ninyong magbayad ng bayad sa pagpapatala upang ipatala ang inyong anak sa isang programa. Kung mayroon kayong tatlo o higit pang mga anak, makakukuha kayo ng diskuwento para sa inyong pamilya. Maaari ding kailanganin ninyong magbayad ng singil sa pagpasok sa swimming pool sa mismong araw.

Maaari kayong makakuha ng diskuwento kung mayroon kayo ng isa sa mga card ng konsesiyong ito:

- Companion Card
- Commonwealth Seniors Health Card
- Department of Veterans' Affairs Gold, White or Orange
- Health Care Card
- Out of State Seniors Card
- Pensioner Concession Card
- State Concession Card
- WA Seniors Card

Maaari kayong magpatala sa pamamagitan ng:

- pagbisita sa education.wa.edu.au/vacswim at pagpapatala online, o
- pag-email o pag-post ng form ng pagpapatala (sa Filipino) – na maaaring i-download mula sa website.

VacSwim 2020-2021

Programang Oktubre: Ika-29 ng Setyembre – Ika-9 ng Oktubre 2020

5 araw sa Oktubre: Ika-5 – 9 ng Oktubre 2020

Maagang Pagsisimula sa Bansa: Ika-18 -24 ng Disyembre 2020

Program 1 sa Enero: Ika-29 ng Disyembre 2020 – ika-8 ng Enero 2021

Program 2 sa Enero: Ika 11- 22 ng Enero 2021

5 araw sa Enero: Ika-4 – 10 ng Enero 2021

Ang mga bayarin sa VacSwim ay:

7 hanggang 10 araw na programa: Bata \$30 (\$20 may konsesyon) Pamilya \$81 (\$54 may konsesyon)

5 araw na programa: Bata \$16 (\$10.50 may konsesyon) Pamilya \$41 (\$27.50 may konsesyon)